# iSangLahi 5 – iExam for Unit 1

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Name:** | | **Score:** | |
| **Grade & Section:** | | **Teacher:** | |

**I. Pagpipili**. Basahin ang pahayag. Bilugan ang tamang sagot sa loob ng panaklong.

1. Ang Pilipinas ay isang kapuluan na matatagpuan sa rehiyon ng (Timog-silangang Asya, Silangang Asya).
2. Ang (bisinal, insular) ay isang paraan ng pagtukoy ng lokasyon ng isang lugar sa pamamagitan ng pag-alam sa mga nakapalibot na anyong lupa dito.
3. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa (sonang tropical, sonang polar).
4. Ang (Hanging Amihan, Hanging Habagat) ay nanggagaling sa direksyon ng hilagang silangan.
5. Ayon sa *Continental Drift Theory* mayroon lamang isang "*supercontinent*" noon sa daigdig na kung tawagin ay (Pangaea, Laurasia).
6. Ayon kay (Peter Bellwood, Robert Fox) nagsimula ang lahing Pilipino sa Timog-Tsina at naglakbay patungo sa Pilipinas.
7. Si (F. Landa Jocano, Charles Darwin) ay isang Pilipino na naghain ng Teoryang Core Population.
8. Si (F. Landa Jocano, Charles Darwin) ay ang naghain ng Teoryang Ebolusyon.
9. Ang tawag sa pinuno ng barangay ay (sultan, datu).
10. Ang mga (maginoo, timawa) ay nasa pinakamataas na antas ng uri ng mga tao sa sinaunang lipunang Pilipino.
11. Ang (batas na nakasulat, batas na di nakasulat) ay mga batas na ginawa ng datu at ng mga tagapagpayo nito.
12. Ang (sanduguan, balangay) ay isang seremonya na ginagawa ng mga datu sa iba't ibang barangay upang mapanatili ang pakikipagkaibigan at maayos na samahan.
13. Ang (sanduguan, balangay) ay isang sasakyang pandagat na ginamit ng mga sinaunang tao sa paglalakbay.
14. Ang tawag sa sistema ng pakikipagpalitan ng mga produkto o kalakal na hindi ginagamitan ng salapi o pera ay (barter, trade).
15. Ang (Baybayin, Alibata) ay ang tawag sa sinaunang sistema ng pagsulat ng mga Pilipino.

# iSangLahi 5 – Answer Keys for Unit 1

## I. Pagpipili.

1. Timog-silangang Asya
2. bisinal
3. sonang tropikal
4. Hanging Amihan
5. Pangaea
6. Peter Bellwood
7. F. Landa Jocano
8. Charles Darwin
9. datu
10. maginoo, timawa
11. batas na nakasulat
12. sanduguan
13. balangay
14. barter
15. Baybayin